

Una versión traducida de este documento estará disponible en www.seiu1021.org y en las oficinas de SEIU 1021.
Ang isinaling bersiyon ng dokumentong ito ay makukuha sa www.seiu1021.org at sa mga opisina ng SEIU 1021.

將有一份翻譯本會在工會網址 www.seiu1021.org 上登出及可在 SEIU 1021 工會各辦事處取閱。

Một bản dịch của văn kiện này sẽ có sẵn ở trang www.seiu1021.org và tại văn phòng của SEIU 1021.

In the event of a discrepancy between a translated version and the English version of this document, this English version shall prevail.



PAUNAWA SA NOMINASYON AT ELEKSYON

Ibukukas para sa nominasyon at eleksyon ang lahat ng puwesto sa SEIU Local 1021 Executive Board. Tatanggapin ang mga nominasyon sa pamamagitan ng mga pinirmahang petisyon (tingnan ang mga detalye sa ibaba). Isang eleksyon sa pamamagitan ng mailed-ballot ang isasagawa alinsunod sa mga alituntunin at patakaran na nakasaad sa paunawang ito. Nakalista sa ibaba ang mga partikular na posisyon na inonomina at pagbobotohan.

Ang mga sumusunod na mga alituntunin at patakaran ay ipapatupad para sa botohan ng mga miyembro ng Executive Board at dapat sundin ng lahat ng miyembro, nominado, kandidato, at kawani. Dapat alam ng mga nominado at kandidato na ipinagbabawal ng mga patnubay sa eleksyon ng Department of Labor ang paggamit ng mga mapagkukunan ng unyon at tagapag-empleyo sa mga kampanya sa eleksyon. Ang pangangampanya sa mga lugar ng trabaho sa oras ng trabaho ay paglabag sa ilalim ng mga patnubay ng Department of Labor (tingnan ang #15 "Pangangampanya" at #16 "Mga Mapagkukunan ng Unyon/Tagapag-empleyo" sa ibaba). Inaasahang susunod ang mga kandidato at ang kanilang mga tagasuporta sa mga alituntunin at patakarang ito, dahil ang mga napatunayang paglabag ay maaaring magdulot na isantabi ang mga resulta ng eleksyon.

Ang Komite ng Eleksyon ng Local 1021 ay makikipagkontrata sa isang Administrador ng Botohan (Election Administrator) upang tulungan ang Komite ng Eleksyon na magsagawa ng eleksyon alinsunod sa mga alituntuning ito. Kabilang sa mga tungkulin ng Administrador ang pagpapadala ng mga balota, pagproseso ng mga kahilingan para sa kopya na balota (duplicate ballot), pamamahala ng proyekto, pagpapayo sa Komite ng Eleksyon tungkol sa resolusyon ng anumang mga pagtutol sa mga balota, pagbilang ng mga balota, paggawa ng polyeto para sa mga botante, at pagbibigay ng sertipiko ng Administrador patungkol sa mga resulta ng eleksyon sa Komite ng Eleksyon.

(1) Ang mga tanggapan ng Executive Board na pagbobotohan (maglilingkod sa loob ng tatlong taon na termino) ay nakalista sa ibaba.

- Presidente
- Mga Bise Presidenteng Panrehiyon (Regional Vice Presidents)
- Bise Presidente ng Politika
- Bise Presidente ng Pag-oorganisa
- Bise Presidente ng Representasyon
- Kalihim
- Ingat-yaman
- Tagapangulo ng Komite ng Hustisyang Panlipunan at Pang-ekonomiya
- Tagapangulo ng Komite ng Seguridad sa Pagreretiro
- Tagapangulo ng Konseho ng mga Retirado
- Mga Tagapangulo ng Industriya
- Mga Kinatawan ng Lugar ng County (County Area Representatives)
- Komite para sa Badyet at Pananalapi

(a) Ang mga sumusunod na posisyon ay pagbobotohan nang para sa buong lugar (at-large):

- Presidente**
- Bise Presidente ng Politika**
- Bise Presidente ng Pag-oorganisa**
- Bise Presidente ng Representasyon**
- Kalihim**
- Ingat-yaman**

Tagapangulo ng Komite ng Hustisyang Panlipunan at Pang-ekonomiya

Tagapangulo ng Komite ng Seguridad sa Pagreretiro

Awtomatikong magsisilbing delegado ang Presidente sa SEIU International Convention. Ang lahat ng iba pang miyembro ng Executive Board ay ituturing na karapat-dapat bilang mga delegado sa SEIU International Convention. Kung ang bilang ng mga miyembro ng Executive Board ay mas malaki kaysa sa bilang ng mga delegado sa SEIU International Convention, ang lahat ng kasunod na delegado ay pipiliin nang sapalaran mula sa mga miyembro ng Executive Board.

(b) **Tagapangulo ng Konseho ng mga Retirado:** Ang mga retiradong miyembro na may mabuting katayuan ay maghahalal ng Tagapangulo ng Konseho ng mga Retirado. (Maaari lang tumakbong Tagapangulo ng Konseho ng mga Retirado ang mga retiradong miyembro at maaari lang bumoto para sa Tagapangulo ng Konseho ng mga Retirado at Tagapangulo ng Seguridad sa Pagreretiro.) Ang Tagapangulo ng Konseho ng mga Retirado ay magsisilbi bilang isa sa mga miyembro ng Komite para sa Badyet at Pananalapi.

(c) **Mga Tagapangulo ng Industriya:** Ang mga miyembrong nasa magandang katayuan sa bawat industriya ay boboto ng isang (1) Tagapangulo ng Industriya. **Ang mga Industriya ay mga Lungsod, Lungsod/County ng San Francisco, Mga County, Korte, Pangangalagang Pangkalusugan, Pribadong Sektor/Non-Profit, Mga Rehistradong Nars, Edukasyon, at Mga Espesyal na Distrito.** (Tandaan: Ang Industriya ng Edukasyon ay dating tinatawag na Industriya ng mga Paaralan. Ang pagbabago sa pangalan ng industriya ay ginawa alinsunod sa SEIU 1021 Bylaws Artikulo 7.2.)

(d) **Mga Kinatawan ng Lugar sa County:** Ang mga miyembro na nasa mabuting katayuan sa bawat county na may hindi bababa sa 100 miyembro ay maghahalal ng isa (1) hanggang tatlong (3) miyembro ng Executive Board. Ang representasyon ay proporsyonal sa at tinutukoy ng bilang ng mga miyembro na nasa mabuting katayuan sa bawat county, hal., 100-5,000 miyembro sa isang county = isang (1) board member; 5,001-10,000 miyembro sa isang county = dalawang (2) board member; 10,001 o higit pa na miyembro sa isang county = tatlong (3) board member. Ang "County" ay tinutukoy ng lokasyon ng pangunahing tanggapan ng mga tagapag-employo ng mga miyembrong kinakatawan ng Local 1021. Ang Alameda at San Francisco ay pipili ng tatlong (3) miyembro ng Executive Board bawat isa. Ang Amador, Butte, Calaveras, Contra Costa, Del Norte, Marin, Mendocino, Napa, Sacramento, San Joaquin, Shasta, Solano, Sonoma, at Yuba ay pipili ng isang (1) Executive Board member. Kung saan mayroong higit sa isang (1) industriya sa isang county at ang county ay may higit sa 5,000 miyembro, ang mga puwesto sa county ay panghahawakan ng mga miyembro ng iba't ibang industriya. Ang kandidatong makakatanggap ng pinakamataas na bilang ng mga boto ang idedeklarang nahalal sa unang puwesto sa county. Ang kandidatong makakatanggap ng pangalawang pinakamataas na bilang ng mga boto at mula sa ibang industriya kaysa sa unang kandidato ang idedeklarang nahalal sa pangalawang puwesto sa county. Ang kandidatong makakatanggap ng pangatlong pinakamataas na bilang ng mga boto mula sa ibang industriya kaysa sa una at pangalawang puwesto sa county ang idedeklarang nahalal.

(e) **Komite para sa Badyet at Pananalapi:** Ang mga miyembro na nasa mabuting katayuan sa bawat rehiyon ay maghahalal ng dalawang (2) miyembro ng Komite para sa Badyet at Pananalapi. Tinukoy ang mga rehiyon ayon sa ibaba:

Rehiyon A. North Central (Napa, Solano, Sacramento, Butte, Shasta, Yuba)

Rehiyon B. North Coast (Marin, Mendocino, Del Norte, Sonoma)

Rehiyon C. East Bay

Rehiyon D. San Francisco

Rehiyon E. San Joaquin/Calaveras/Amador

Kung saan mayroong higit sa isang industriya o lugar ng county sa loob ng isang rehiyon, ang pangalawang puwesto para sa Komite para sa Badyet at Pananalapi para sa rehiyong iyon ay pupunta sa kandidatong makakatanggap ng pinakamataas na bilang ng mga boto mula sa ibang industriya o lugar ng county.

(f) **Mga Bise Presidente ng Rehiyon:** Ang mga miyembrong nasa mabuting katayuan sa bawat rehiyon ay maghahalal ng isang Bise Presidente para sa rehiyon na iyon.

(2) Ang mga paglalarawan ng mga tungkulin ng mga tanggapan sa itaas ay makikita sa SEIU Local 1021 Bylaws (makikita sa bawat opisina ng Local 1021 at naka-post sa website ng unyon, www.seiu1021.org).

(3) Walang miyembro ang maaaring kumandidato para sa higit sa isang (1) tanggapan o puwesto ng Executive Board sa parehong oras.

(4) PAGIGING KWALIPIKADO: Upang maging kwalipikado, ang kandidato ay dapat na naging miyembro (maliban sa kandidato para sa Tagapangulo ng Konseho ng mga Retirado) na may patuloy na mabuting katayuan alinsunod sa SEIU Local 1021 Bylaws at mga alituntunin na itinatag ng Komite sa Botohan ng SEIU at ng SEIU Executive Board nang hindi bababa sa dalawang (2) taon bago ng **Nobyembre 30, 2021**. Sa kaso ng isang miyembro na ang kanyang chapter, unit, o hurisdiksyon ay naging kaakibat ng Local 1021 nang wala pang dalawang (2) taon bago ng deadline para sa pagsusumite ng petisyon para sa nominasyon, dapat naging miyembro na may patuloy na mabuting katayuan ang kandidato ng chapter, unit, o hurisdiksyon nang kahit na kalahati (1/2) ng haba ng panahon na umiiral ang chapter. **Ang mga miyembro, lalo na iyong nag-iisip na tumakbo para sa posisyon sa Unyon, ay hinihikayat na kumpirmahin ang kanilang mga nakaraang pagbabayad ng mga dapat bayaaran at katayuan sa pagiging miyembro sa pamamagitan ng pagtawag sa Membership Department ng Local sa 877-687-1021. Ang mga hindi pa nababayarang dapat bayaran ay dapat na resolbahin upang masertipika ang nominado bilang isang kandidato.**

(a) Ang mga kwalipikadong kandidato para sa at-large na mga posisyon sa Unyon (Presidente, Bise Presidente ng Politika, Bise Presidente ng Pag-oorganisa, Bise Presidente ng Representasyon, Kalihim, Ingat-yaman, Tagapangulo ng Komite ng Hustisyang

Panlipunan at Pang-ekonomiya, Tagapangulo ng Komite sa Seguridad ng Pagreretiro) ay dapat na mga regular na miyembro na kasalukuyang nagtatrabaho sa isang SEIU 1021 bargaining unit.

(b) Ang mga kwalipikadong kandidato para sa Kinatawan ng Lugar ng County (County Area Representative) ay dapat na mga regular na miyembro na kasalukuyang nagtatrabaho sa isang SEIU 1021 bargaining unit batay sa lugar ng county na kinakatawan nila (Ang "County" ay binigyang-kahulugan sa Rule 1(d) sa itaas.)

(c) Ang mga kwalipikadong kandidato para sa Tagapangulo ng Industriya ay dapat na mga regular na miyembro na kasalukuyang nagtatrabaho sa isang SEIU 1021 bargaining unit batay sa industriyang kanilang kinakatawan.

(d) Ang mga kwalipikadong kandidato para sa Mga Bise Presidente ng Rehiyon at mga miyembro ng Komite para sa Badyet at Pananalapi ay dapat na mga regular na miyembro na kasalukuyang nagtatrabaho sa isang SEIU 1021 bargaining unit sa rehiyon kung saan sila ay tumatakbo (Ang "Rehiyon" ay binigyang-kahulugan sa Rule 1(e) sa itaas.)

(e) Ang kandidato para sa Tagapangulo ng Konseho ng mga Retirado ay dapat na miyembrong retirado na nasa mabuting katayuan tulad ng binigyang-kahulugan sa SEIU Local 1021 Bylaws.

(5) Hindi pahihintulutan ang mga write-in na kandidato at proxy na pagboto sa eleksyong ito.

(6) MGA NOMINASYON: Ang mga nominasyon ay isasagawa sa pamamagitan ng petisyon na ibibigay ng Komite ng Eleksyon at pipirmahan ng hindi bababa sa dalawampu't limang (25) miyembro ng SEIU Local 1021 na nasa mabuting katayuan tulad ng sumusunod:

(f) Ang isang miyembro na pumipirma ng petisyon para sa nominasyon para sa Tagapangulo ng Industriya ay dapat na miyembro na nasa mabuting katayuan sa parehong industriyang iyon at kasalukuyang nagtatrabaho sa isang SEIU 1021 bargaining unit.

(g) Ang isang miyembro na pumipirma ng petisyon para sa nominasyon para sa Bise Presidente ng Rehiyon ay dapat na miyembro na nasa mabuting katayuan sa parehong rehiyong iyon at kasalukuyang nagtatrabaho sa isang SEIU 1021 bargaining unit.

(h) Ang isang miyembro na pumipirma ng petisyon para sa nominasyon para sa Kinatawan ng Lugar ng County (County Area Representative) ay dapat na miyembro na nasa mabuting katayuan sa parehong County na iyon at kasalukuyang nagtatrabaho sa isang SEIU 1021 bargaining unit.

(i) Ang isang miyembro na pumipirma ng petisyon para sa nominasyon para sa puwesto sa Komite para sa Badyet at Pananalapi para sa isang rehiyon ay dapat na miyembro na nasa mabuting katayuan sa parehong rehiyong iyon at kasalukuyang nagtatrabaho sa isang SEIU 1021 bargaining unit.

(j) Ang isang miyembro na pumipirma ng petisyon para sa nominasyon para sa Tagapangulo ng Komite ng Seguridad ng Pagreretiro ay dapat na miyembrong retirado na nasa mabuting katayuan o miyembro na nasa mabuting katayuan sa anumang industriya, rehiyon, o county.

(k) Tanging mga retiradong miyembro lang na nasa mabuting katayuan ang maaaring pumirma ng petisyon para Tagapangulo ng Konseho ng mga Retirado.

(l) Ang isang miyembro na pumipirma ng petisyon para sa nominasyon para sa anumang at-large (buong lokal) na puwesto (hal., (Presidente, Bise Presidente ng Politika, Bise Presidente ng Pag-oorganisa, Bise Presidente ng Representasyon, Kalihim, Ingat-yaman, Tagapangulo ng Komite ng Hustisyang Panlipunan at Pang-ekonomiya, Tagapangulo ng Komite ng Seguridad ng Pagreretiro) ay maaaring isang miyembro na nasa mabuting katayuan sa anumang industriya, rehiyon o county at kasalukuyang nagtatrabaho sa isang SEIU 1021 bargaining unit.

Ang mga retiradong miyembro na nasa mabuting katayuan ay maaari lamang pumirma ng mga petisyon sa nominasyon at bumoto para sa mga sumusunod na posisyon: Tagapangulo ng Konseho ng mga Retirado at Tagapangulo ng Komite sa Seguridad ng Pagreretiro.

Dapat kabilang sa isang petisyon sa nominasyon ang pirma ng nominado, at lahat ng pirma ay dapat naka-print at pirmado. Ang pirma ng nominado ay mabibilang bilang isa sa dalawampu't limang kinakailangang pirma. Mahigpit na hinihikayat ng komite ng eleksyon, ngunit hindi inaatas, na mangolekta ng higit sa dalawampu't limang (25) pirma ang mga kandidato upang mapababa ang posibilidad na hindi makakuha ang isang nominado ng dalawampu't limang (25) kwalipikadong pirma. Simula sa hindi lalampas sa Oktubre 4, 2021, ang mga petisyon sa nominasyon ay maaaring makuha mula sa website ng SEIU Local 1021 (www.seiu1021.org).

Ang mga orihinal na petisyon (hindi mga kopya) ay dapat ipadala sa Local 1021 Election Committee c/o P.O. Box 30308, Oakland, CA 94604 at dapat na matanggap sa post office box na iyan nang hindi lalampas sa alas-5 ng hapon ng Nobyembre 12, 2021. Dapat matanggap ang mga petisyon sa post office box at hindi maaaring ihatid nang personal sa opisina ng Local 1021. Inirerekumenda na ipadala ang mga petisyon sa pamamagitan ng serbisyo na may proof-of-delivery. Ang pagbawi ng petisyon ay dapat isumite nang nakasulat sa Local 1021 Election Committee c/o P.O. Box 30308, Oakland, CA 94604 at dapat na matanggap sa post office box na iyan nang hindi lalampas sa **alas-5 ng hapon ng Nobyembre 12, 2021.** Ang mga pagbawi ng petisyon ay dapat na matanggap sa post office box at hindi maaaring ihatid nang personal sa opisina ng Local 1021.

(7) Kung isa (1) lang kwalipikadong kandidato ang nominado para sa puwesto, siya ay ituturing na nahalal. Ilalagay ang pangalan ng kandidato sa balota, sa ilalim ng pangalan ng posisyon, at nakasulat sa tabi nito ang salitang "Nahalal".

(8) PAUNAWA SA ELEKSYON: Sa Oktubre 1, 2021 o mga ganitong petsa, isang kopya ng “Paunawa sa Nominasyon at Eleksyon” ang ipapadala sa lahat ng miyembro sa kanilang huling ibinigay na address ng tirahan.

(9) LIBRITO NG MGA PAHAYAG NG MGA KANDIDATO:

Maaaring magsumite ang mga kandidato ng mga pahayag sa kanilang (mga) wikang napili at na isasama sa librito ng mga pahayag ng mga kandidato na ipapadala sa mga miyembro na nasa mabuting katayuan. Dapat magsumite ang mga kandidato sa pamamagitan ng e-mail ng elektronikong pdf na pahayag sa Local 1021 na Komite ng Eleksyon sa 2022_election.committee@seiu1021.org nang hindi lalampas sa **alas-5 ng hapon ng Nobyembre 12, 2021**. Dapat ipadala sa e-mail ang mga pahayag ng kandidato at hindi maaaring dalhin nang personal, i-fax, o ipadala sa koreo sa opisina ng Local 1021. Ang mga pahayag ng kandidato ay dapat na naka-type at naisumite sa 8½” (lapad) x 5½” (taas) na puting papel na may hindi bababa sa ½” na margin (itaas, ibaba, at parehong gilid). Ang mga pahayag ay lilimitahan sa kabuuang dalawang-daang (200) salita (ang may gitling na salita ay bibilangin bilang 1 salita)

Responsibilidad ng mga kandidato na ilagay sa heading ng kanilang mga pahayag ang kanilang pangalan at posisyong itinatakbo, na ibibilang na kasama sa 200 salita na limitasyon. Ang heading lang ng pahayag ng kandidato, ang buong pangalan ng kandidato, ay bibilangin bilang 1 salita lang at ang posisyong kanilang itinatakbo ay bibilangin na 1 salita lang. Kung ang pangalan ng kandidato at ang posisyong kanilang itinatakbo ay lumitaw sa ibang bahagi ng kanilang pahayag, ang mga salitang iyon ay bibilangin na magkakahiwalay na salita. Hindi responsibilidad ng Komite ng Eleksyon ang paglalagay ng pangalan ng kandidato at posisyong itinatakbo nila sa heading.

Responsibilidad ng kandidato ang pagsasalin ng orihinal na pahayag sa isa pang wika o mga wika. Ang pahayag ng kandidato—kasama ang anuman at lahat ng pagsasaling-wika at larawan—ay dapat na magkasya sa parehong espasyo, 8½” (lapad) x 5½” (taas) at na may hindi bababa sa ½” na margin, at limitado sa pinakamaraming maaari na 200 salita.

Opsyonal ang paglalagay ng larawan ng kandidato. Maaaring magsumite ng passport size na larawan (2” x 2”) bilang bahagi ng pahayag ng kandidato ngunit dapat isumite nang elektronikong ang mga larawan sa isang jpeg file o tif file at kasya sa laki ng papel na nakalista sa itaas. Responsibilidad ng kandidato na maglaan ng espasyo at tukuyin ang lokasyon ng larawan sa layout ng pahayag ng kandidato. Dapat kuha ng mukha/ulo ang larawan at hindi maaaring magsama ng anumang salita, imahe, o logo. Hindi maaaring may logo ang mga pahayag ng kandidato.

Ang pananalita ng pahayag ng kandidato ay ipi-print nang eksakto kung paano ito natanggap sa pdf file, hanggang sa 200 salita lang. Ang mga pahayag ng kandidato ay ipapakita nang alpabetiko ayon sa apelyido (Para sa mga pangalang may gitling, ang pagkaka-alpabetiko ng pangalan ay ayon sa nauna sa may gitling na apelyido) sa ilalim ng heading para sa bawat posisyon. Kung hindi natanggap mula sa kandidato ang pahayag ng kandidato, ang pangalan ng kandidato at ang posisyong itinatakbo niya ay ipi-print sa librito ng mga pahayag ng mga kandidato na may mga salitang “Walang natanggap na pahayag” sa tabi ng o sa ibaba ng pangalan ng kandidato. Ipapadala ang mga pahayag ng kandidato sa mga kwalipikadong botante at ipo-post sa website ng Local 1021. Babawiin ang pahayag ng kandidato kung binawi ng isang kandidato ang kanyang petisyon.

(10) SERTIPIKASYON AT PAG-APELA NG KANDIDATO: Sesertipikahin ng Komite ng Eleksyon ang lahat ng kandidato nang hindi lalampas sa Nobyembre 24, 2021. Ang mga kandidatong nadiskwalipika ng Komite ng Eleksyon dahil sa pagiging hindi kwalipikado ay aabisuhan sa email sa o bago ng Nobyembre 30, 2021. Ang mga pag-apela ng mga pagdidiskwalipikang ito ay dapat na ihain sa Executive Board nang hindi lalampas sa **alas-5 ng hapon, Disyembre 13, 2021**. Ang mga naturang apela ay didinggin ng Executive Board sa **Disyembre 18, 2021**.

(11) PAGLISTA NG KANDIDATO: Ang mga kwalipikadong kandidato ay ililista sa balota nang alpabetiko ayon sa apelyido para sa bawat posisyon

(12) PAGPAPADALA NG BALOTA SA KOREO: Ipapadala ang mga balota sa lahat ng miyembro na nasa mabuting katayuan (hindi nahuhuli sa mga takdang petsa ng bayarin at iba pang pinansyal na obligasyon sa unyon batay sa mga bayad na natanggap para sa Nobyembre 2021) sa kanilang huling address na ibinigay sa pamamagitan ng first class U.S. mail sa o bandang **Enero 14, 2022**. Kasama sa ipapadala ang balota, sobre para sa balota na minarkahang “secret ballot envelope,” isang prepaid na business reply envelope, mga panuto sa balota sa wikang Ingles, Espanyol, Tagalog, Chinese, at Vietnamese, isang libritong naglalaman ng mga pahayag ng mga kandidato at ang paunawang ito.

(13) MGA PAGPAPADALA SA KOREO SA MGA MIYEMBRO: Ang isang kandidato ay maaaring magpadala sa koreo, sa kanyang sariling gastos, ng literatura na nauugnay sa eleksyon, sa mga miyembro ng Local 1021, o sa bahagi nito, sa kondisyong ito ay

isinumite nang nasa oras sa mailing house na itinalaga ng unyon at alinsunod sa mga alituntunin ng eleksyon. Ang mga kandidato na nais magpadala ng literatura sa kampanya ay dapat isaayos ang mga naturang pagpapadala sa koreo kay AnnaMaria Zuniga sa Roadrunner Print Mail Inc. 100 Ryan Industrial Court, San Ramon, CA 94583; telepono (925) 820-8272 ; email azuniga@roadrunnerprintmail.com at sila (ang mga kandidato) ang sasagot sa lahat ng gastos na nauugnay sa pagpapadala sa koreo. Susubukan ng Local 1021 na tumalima sa mga kahilingan na magpadala sa koreo sa ilang bahagi (hal., mga steward) ng mga miyembro. Dapat magbigay ang kandidato ng nakasulat na mga tagubilin sa mailing house patungkol sa petsa kung kalian ipapadala sa koreo ang mga literatura at dapat maglaan ng hindi bababa sa tatlong (3) araw ng negosyo para sa paghahanda para ipadala sa koreo. Ang database ng mga kwalipikadong botante ay hindi available sa mailing house hanggang pagkalipas ng Enero 14, 2022.

(14) MGA LISTAHAN NG MGA MIYEMBRO: Maaaring suriin (hindi kopyahin) ng mga kwalipikadong kandidato ang listahan ng mga kwalipikadong botante na nakatabi sa opisina ng Local 1021 sa 29th Street (447 - 29th St., Oakland, CA 94609). Dapat gumawa ang mga kandidato ng appointment para suriin ang listahan nang hindi bababa sa 24 na oras bago ng nasabing pagsusuri sa pamamagitan ng pagtawag sa Local 1021 Membership Department sa (877) 687-1021.

(15) PANGANGAMPANYA: Hinihikayat ang mga chapter/bargaining unit ng Local 1021 na magbigay ng makatuwiran at pantay na access sa lahat ng kandidato para sa layunin ng pakikipag-ugnay sa mga miyembro. Halimbawa, kung inanyayahan ang isang kandidato para magsalita sa isang pagpupulong ng unyon, ang lahat ng kandidato para sa posisyon ay dapat anyayahan na magsalita sa parehong pagpupulong. Dapat mangampanya ang mga kandidato sa kanilang sariling oras, na maaaring kabilang ang bayad na oras ng bakasyon. Hinihikayat ang mga kandidato na idokumento ang kanilang oras para sa pangangampanya. Dapat limitahan ng mga kandidato ang kanilang pangangampanya sa hindi oras ng trabaho ng mga miyembro, halimbawa, sa mga oras ng pahinga at pananghalian, bago o pagkatapos ng trabaho. Hindi maaaring gamitin ng mga kandidato ang logo ng Local 1021 o letterhead sa kanilang mga materyales sa pangangampanya. Walang dapat na ipamigay o gamitin na SEIU na paraphernalia tulad ng mga t-shirt, keychain, o iba pang bagay ang sinumang kandidato o kanilang mga tagasuporta bilang aktibidad sa pangangampanya mula ngayon hanggang sa matapos ang eleksyon sa Marso 2022 (Hindi nito pinipigilan ang pagsuot o paggamit ng SEIU na paraphernalia sa panahon ng normal na pagsasagawa ng mga aktibidad ng unyon basta't walang nagaganap na aktibidad sa pangangampanya para sa eleksyon.)

(16) MGA MAPAGKUKUNAN NG UNYON/TAGAPAG-EMPLEYO: Pinagbabawalan ang paggamit ng mga pondo ng unyon at tagapag-empleyo at iba pang mapagkukunan (kasama ang pera, pasilidad, kagamitan, mga supply, online na webpage (kasama ang mga page ng chapter), online social media page (kasama ang mga page ng chapter), email at pangangampanya sa oras na binabayaran ng unyon o tagapag-empleyo) para suportahan ang sinumang kandidato. Walang kandidato o inaasahang kakandidato ang maaaring humingi o tumanggap ng pinansyal na suporta o anumang iba pang direkta o hindi direktang suporta na anumang uri mula sa sinumang hindi miyembro ng Service Employees International Union, kabilang ang mula sa sinumang.

kinakatawang manggagawa ng SEIU Local 1021 na hindi mga miyembro. Hindi maaaring magtampok o magbigay ng hindi karaniwang coverage ng/pag-uulat tungkol sa mga kandidato ang mga newsletter, publication at website ng mga chapter/bargaining unit sa panahon ng eleksyon ngunit hinihikayat ang mga chapter/bargaining unit na paalalahanan ang mga miyembro na bumoto at i-publish ang iskedul ng eleksyon sa mga newsletter.

(17) DUPLICATE NA BALOTA: Kung sakaling hindi matanggap ng miyembro ang balota sa koreo pagdating ng **Enero 21, 2022**, maaari siyang humiling ng duplicate na balota sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Duplicate Request Answering Service ng Administrador ng Eleksyon sa 1-866-466-6455 na maaaring matawagan 24/7 sa buong panahon ng eleksyon. Ihahanda at ipapadala ng Administrador ng Eleksyon ang duplicate na balota. Ang mga miyembro na nakatanggap ng duplicate na balota ay hihilinging pirmahan ang isang pahayag na hindi pa sila bumoboto. Ang mga duplicate na balota ay malinaw na mamarkahan bilang ganito. Ang deadline para humingi ng duplicate na balota ay **alas-6 ng gabi ng Pebrero 4, 2022**.

(18) DEADLING NG BALOTA: Tatanggapin ang mga balota sa isang post office box na hindi maa-access (restricted access) na nasa kontrol ng Administrador ng Eleksyon o itinalaga nito na gagamitin lang para sa pagtanggap at pagtago ng mga balotang may boto. Ang mga ibinalik bilang hindi maihatid (undeliverable) ay sisiguruhing ligtas sa isang hiwalay na post office box na nasa kontrol ng Administrador ng Eleksyon. Dapat matanggap ang lahat ng balota sa itinalagang post office box pagdating ng **alas-9 ng umaga ng Pebrero 11, 2022**, upang maituring na balido.

(19) PAGBILANG NG BALOTA: Hindi magiging balido at maibibilang ang isang balota hangga't hindi natutukoy ng Administrador ng Eleksyon katulong ang Komite ng Eleksyon na ang balota ay natanggap mula sa isang kwalipikadong botante. Isang natatanging code o marka para sa bawat botante ay maaaring i-print sa sobre para sa pagbabalik ng balota (ballot return envelope) at ito ay maaaring gamitin ng Administrador ng Eleksyon para sa pag-uuri ng mga balota at pagtukoy sa pagiging kwalipikado ng botante sa pagbilang ng balota. Kukunin ang mga balota pagdating ng alas-9 ng umaga ng Pebrero 11, 2022 ng Administrador ng Eleksyon at Komite ng Eleksyon at ihahatid sa opisina ng unyon sa 100 Oak Street, Oakland. Bubuksan ang mga balota at bibilangin ng Administrador ng Eleksyon katulong

ng Komite ng Eleksyon sa opisina ng Unyon sa Oak Street (100 Oak Street, Oakland, CA 94607) sa **Pebrero 11, 2022**. Ang mga resulta ng eleksyon ay ipo-post sa website ng Local 1021 at sa mga opisina ng Local 1021.

(20) MGA TAGA-OBSERBA: Maaaring obserbahan ng taga-observed ng kandidato o hindi kandidatong miyembro na itinalaga ng kandidato ang paghahanda, pagpapadala sa koreo, pagkuha, at pagbilang ng mga balota. Ang petsa, oras, at lugar ng paghahanda at pagpapadala sa koreo ng mga package ng balota ay tutukuyin ng Administrador ng Eleksyon. Tanging ang Administrador ng Eleksyon lang at mga clerical assistant na inempleyo ng Administrador ng Eleksyon ang makakahawak sa mga sobre ng balota, balota, tally sheet, o anumang iba pang bagay na nauugnay sa pagbilang ng mga balota. Magkikita ang Komite ng Eleksyon pagdating ng alas-8 ng umaga sa opisina ng Local sa Oak Street, Oakland sa Pebrero 11, 2022 para kunin ang mga balota.

(21) MGA PAGTUTOL SA BALOTA: Kung sakaling may anumang balota ang na tinututulan ng mga kandidato o tagaobserved o ng Komite ng Eleksyon sa oras ng pagbibilang ng balota, ang naturang mga tinututulang balota ay itatabi bago ng pagbubukas at pagbibilang ng mga hindi tinututulang balota, at tutukuyin ng Administrador ng Eleksyon katulong ng Komite ng Eleksyon ang pagiging balido ng mga pagtutol. Ang mga hindi naresolbang tinututulang balota na hindi sapat ang dami para maapektuhan ang resulta ng eleksyon ay hindi na bibilangin.

(22) MGA PAGTUTOL SA ELEKSYON: Ang anumang pagtutol o protesta kaugnay ng pagsasagawa ng eleksyon ay dapat na isumite nang nakasulat, na nakasaad ang mga partikular na detalye tungkol sa pagtutol o pagprotesta, at dapat matanggap ng Election Committee c/o Local 1021, P.O. Box 30308, Oakland, CA94604 nang hindi lalampas sa **alas-5 ng hapon, Pebrero 28, 2022**. Ang mga pagtutol o protesta na wala sa panahon ay hindi isasaalang-alang. Isasaalang-alang lang ang mga pagtutol sa eleksyon kung isinaad nila ang mga partikular na paglabag sa mga alituntunin at patakaran ng eleksyon at/o Local 1021 Bylaws at kung ang nasabing paglabag ay maaaring nakaapekto sa kinalabasan ng eleksyon. Iimbestigahan ng komite ang mga pagtutol at maglalabas ng ulat nang hindi lalampas sa **Marso 19, 2022**. Ang Komite ng Eleksyon ay ang pinal na awtoridad sa lahat ng isyu patungkol sa eleksyon at pangangampanya na maaaring i-apela alinsunod sa SEIUInternational Constitution at Bylaws.

(23) KAWANI NG UNYON: Habang isinasagawa ang kanilang mga tungkulin, ang mga kawani ng Unyon ay mananatiling hindi nakikilahok at walang kinikilingan pagdating sa mga pag-endorso sa mga kandidato at mga aktibidad sa pangangampanya.

(24) Ang Komite ng Eleksyon at ang Administrador ng Eleksyon ay maaaring magtatag ng mga probisyon sa patakaran kung kinakailangan para sa tamang pagsasagawa ng eleksyong ito. Kung saan may mga salungatan sa pagitan ng mga Alituntunin at Bylaws ng Eleksyon (Election Rules and Bylaws), ang Bylaws ang mananaig.

(25) PAGIGING KWALIPIKADONG BUMOTO: Ang lahat ng miyembro ng SEIU Local 1021 na nasa mabuting katayuan alinsunod sa mga bylaws ay kwalipikadong bumoto sa eleksyon. Ang isang miyembro na nasa mabuting katayuan ay binigyang-kahulugan bilang isang miyembro na hindi nahuhuli sa mga bayarin at iba pang pinansyal na obligasyon sa unyon batay sa mga bayad na natanggap para sa Nobyembre 2021. Ang mga kinatawang manggagawa o kwalipikadong retirado ng SEIU Local 1021, na hindi mga miyembro, ay ang responsable para sa pagsisiguro na isinumite nila ang kanilang aplikasyon para maging miyembro at sa kondisyong natanggap ng local ang mga bayad sa mga dapat bayaran sa ngalan ng miyembrong iyon pagdating ng Nobyembre 30, 2021. Ang mga miyembro ng SEIU Local 1021, na hindi nasasapanahon sa kanilang mga pagbabayad, ay responsable para sa pagbabayad nang buo ng mga kulang na bayad pagdating ng Nobyembre 30, 2021.



SEIU 1021
447 29th Street
Oakland, CA 94609

PAUNAWA SA NOMINASYON AT ELEKSYON

Presorted First Class
US Postage
PAID
Oakland, CA
Permit 810

ISKEDYUL NG ELEKSYON

(Tandaan – Ang lahat ng oras ay Pacific Standard Time)

- Oktubre 1, 2021** – Sa petsang ito o banda nito, ipapadala sa koreo sa mga miyembro ang paunawa sa eleksyon, mga alituntunin, at patakaran.
- Oktubre 4, 2021** – Simula sa petsang ito, maaari na ang mga petisyon sa pagnomina.
- Nobyembre 12, 2021** - 5:00pm na deadline para sa pagtanggap ng mga petisyon sa pagnomina sa itinalagang post office box. Ang deadline para sa pagbawi ng mga dating isinuniteng petisyon at pahayag. Deadline rin para sa pagtanggap ng pdf file ng pahayag ng kandidato at jpeg file, tif file ng larawan ng kandidato.
- Nobyembre 24, 2021** - Deadline para masertipika ng Komite ng Eleksyon ang mga kwalipikadong kandidato.
- Nobyembre 30, 2021** – Ipapadala sa email ang paunawa ng pagdiskwalipika at abiso ng pag-aapela para sa mga diskwalipikadong kandidato.
- Nobyembre 30, 2021** – Tanging mga miyembro lang na nasa mabuting katayuan pagdating ng petsang ito ang maaaring bumoto.
- Nobyembre 13, 2021** - 5:00 pm na deadline para maghain ng apela sa Executive Board ang mga diskwalipikadong kandidato.
- Disyembre 18, 2021** – Didinggin ng Executive Board ang mga apela.
- Enero 14, 2022** – Sa petsang ito o banda nito, ipapadala sa koreo ang mga balota at impormasyon tungkol sa botante sa mga miyembro na nasa mabuting katayuan.
- Enero 21, 2022** – Kung hindi natanggap ng miyembro ang balota sa koreo pagdating ng petsang ito, maaaring tawagan ng miyembro ang Duplicate Ballot Request Answering Service ng Administrador ng Eleksyon sa 1-866-466-6455 at humiling ng duplicate na balota.
- Pebrero 4, 2022** - Ang deadline ay 6:00 pm sa petsang ito upang humiling ng duplicate na balota.
- Pebrero 11, 2022** – Ang deadline ay 9:00 am para sa pagtanggap ng mga balota sa itinalagang post office box. Ang Komite ng Eleksyon ay magkikita nang 8:00 am sa opisina ng Local 1021 sa Oak Street (100 Oak St., Oakland, CA 94607). Kukunin ang mga balota sa restricted-access na post office box pagdating ng 9:00 am. Bibilangin ang mga balota ng administrador ng eleksyon at Komite ng Eleksyon sa opisina ng Local 1021 sa Oak Street. Ang mga resulta ng eleksyon ay ipo-post sa website ng Local 1021 (www.seiu1021.org) at sa mga opisina ng Local 1021 kasunod ng sertipikasyon ng bilang ng balota.
- Pebrero 28, 2022** – Dapat matanggap ang mga pagtutol o protesta sa eleksyon sa post office box ng Local 1021 (P.O. Box 30308, Oakland, CA 94604) pagdating ng 5:00 pm sa petsang ito upang maisaalang-alang ng Komite ng Eleksyon.
- Marso 19, 2022** – Ang Komite ng Eleksyon ay mag-iisyu ng ulat sa anumang mga pagtutol o protesta sa eleksyon pagdating ng petsang ito.

Dapat tumawag ang mga miyembro sa 1-888-864-5328 Lunes-Biyernes (hindi kasama ang mga holiday), 7:00 am hanggang 6:00 pm, kapag may mga tanong tungkol sa eleksyon. Upang humiling ng kapalit na balota, tawagan ang Duplicate Request Answering Service ng Administrador ng Eleksyon sa 1-866-466-6455 24/7 sa buong panahon ng eleksyon.

**TIYAKING UPDATED ANG IYONG ADDRESS NA PAGPAPADALHAN!
TAWAGAN ANG MEMBER RESOURCE CENTER SA (877) 687-1021 UPANG KUMPIRMAHIN
ANG IYONG ADDRESS
SIGURADUHING BUMOTO!**